

BPI-LBNCRDPSC

VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

CORE VALUES

SPICE IT!

Service Orientation. We are proactive and we value our clients.

Professionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

Integrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

Commitment. We work with passion and dedication.

Excellence. We produce the best results.

Innovative. We find new solutions.

Teamwork. We exercise partnership and camaraderie.

Inihanda nina:

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II

Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural
Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-
based Home and Community Gardening



Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag o sumulat sa:

THE CENTER CHIEF

BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños, Laguna

 (049) 536-0285

 (049) 536-7931; 536-0285, 536-6462

 bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph

 Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
Bureau of Plant Industry
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support
Center

GABAY SA PAGTATANIM NG AMPALAYA



PAGTATANIM NG AMPALAYA

Ampalaya

Ang ampalaya o bittergourd (*Momordica charantia* L.) ay kilala sa tawag *paria* sa Ilokano at *palia* sa Bisaya. Ito nabibilang sa pamilya ng Cucurbitaceae kasama ng pipino, kalabasa, upo, patola at melon.

Ang ampalaya ay nagtataglay ng bitamina at mayaman sa calcium at iron. Ang bunga nito, bagong sibol na dahon at bulaklak ay maaaring kainin.

Ito ay nakatutulong din sa pagsugpo at pagkontrol sa ilang karamdaman. Nakatutulong ito na malinis ang dugo. Ito ay mabisa ding pantulong sa paggamot sa malaria at cholera. Ito ay nagtataglay ng antidote, antipyretic tonic, appetizing, anti-bilious at laxative properties (Ayushveda, 2009).

Mga Dapat Tandaan sa Pagtatanim

Klima at Lupa

Ang ampalaya ay mabuting itanim tuwing tag-init sa mga lugar na may temperature sa pagitan 20-35°C. Hindi makabubuti dito ang labis na ulan. Angkop na pagtatanim nito ang lupa na sandy loam at matabang lupa (mataas ang *organic matter*)

Paghahanda ng Lupang Taniman at Pagtatanim

Linisin at duruging mabuti ang lupang pagtataniman. Makabubuting gumawa ng kamang taniman na may lapad na 1.00-1.50m.

Maaari ding magtanim sa mga basyo, plastik o sako kung walang bakanteng lugar na maaaring pagtaniman

Ihalo sa lupang pagtataniman ang kompos sa daming 0.5-1kg/m². Lagyan ng butas ang kamang taniman na may agwat na 0.30m. Maaaring idirektang itanim ang buto (2-3 buto bawat butas) o ipunla muna ito bago ilipat tanim. Makabubuting ibabad muna sa maligamgam na tubig ang butong pananim magdamag upang mabilis sumibol.

Kung ipupunla, gawin ang paglilipat tanim 7-10 araw pagkasibol ng buto.

Pangangalaga sa Nutrisyon ng Ampalaya

Maglagay uli ng kompos (sidedress) bago mamulaklak sa daming 0.5kg/m²-1 kg/m². Diligan din ng natural concoction gaya ng Fermented Plant Juice (FPJ) dalawang beses sa isang linggo hanggang mamulaklak. Maaari ding diligan ang pananim ng brewed vermicast o vermicast extract (1kg na ibinabad sa 10L ng tubig sa loob ng 3 araw)

Paglalagay ng Balag o "Trellis" at Pagkakapon

Maglagay ng balag kapag umusbong na ang ampalaya. Ang. Maaring gumamit ng sanga ng kakawate, ipil-ipil o kawayan para sa balag. Angkop na gamitin and A-type trellis at table type trellis.

Ang pagkakapon (pruning) ay nararapat ding isagawa, dalawang linggo pagkalipat tanim upang makabunga itong malalaki. Ito ay isinisagawa sa pamamagitan ng maingat na pagpuputol sa bagong sibol na sanga at dahon dalawang metro mula sa lupa.



A-type trellis



Table type trellis (with fruit fly trap)



Pagtatanggal ng mga sibol na dahon sa ibabang bahagi ng puno

Pagkontrol sa Peste

| Insekto/ Peste | | Paraan ng Pagkontrol |
|----------------|---|---|
| Cutworm |  1 | Citronella extract and hot pepper extract Guyabano seed extract, curry leaves extract, fish mint extract, Repellent crop (fish mint) |

| Insekto/Peste | | Paraan ng Pagkontrol |
|----------------|---|---|
| Aphids |  2 | Hot pepper extract, chives extract Kaibigang insekto gaya ng lady beetles at parasitic wasps, magsabog ng curry powder |
| Leaf folder |  3 | Tanggaling ang nakatuping dahon, magtanim ng mga halamang pantaboy ng insekto gaya ng marigold, citronella, celosia, fish mint, chives at spearmint at iba pa |
| Fruit fly |  4 | Fruit bag (paper/ o plastik), fruit fly attractant |
| Downy mildew |  5 | Tanggalin ang apektadong dahon, Compost tea, tea manure |
| Bacterial wilt | | Pag-iikot tanim (crop rotation) |

Photo Sources: ¹<https://www.infonet-biovision.org/PlantHealth/Pests/Cutworm>, ²<https://www.growinggreenerworld.com/>, ³<https://keys.lucidcentral.org/>, ⁴<https://www.planetnatural.com/>, ⁵<https://www.plantwise.org/KnowledgeBank/pmdg/20167801183>

Pag-aani

Anihin ang bunga nito habang berde pa at may sapat nang laki o 45-75 araw pagkatanim depende sa variety. Ang pag-aani ay maaaring gawin 2 o 3 beses sa isang linggo sa loob ng dalawa o tatlong buwan.

References:

Bureau of Plant Industry. January 2013. Ampalaya Production Guide Farmer Factsheet. 2017. Ampalaya Field Production. <http://ahr.com.au/wp-content/uploads/2017/11/Philippines->